# Sinuman ang magsabi-ibig sabihin ay: Kapag lumabas siya sa bahay niya: Sa Ngalan ni Allah,Ipinaubaya ko ang pananalig sa Allah, walang Kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah,Sasabihin sa kanya:Napatnubayan ka, Nalugod ka,Napangalagaan ka,at lalayo sa kanya si Satanas))

Ayon kay Anas bin Mālik, malugod si Allāh sa kanya.-Hadith na Marfu: (( Sinuman ang magsabi-ibig sabihin ay: Kapag lumabas siya sa bahay niya: Sa Ngalan ni Allah,Ipinaubaya ko ang pananalig sa Allah, walang Kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah,Sasabihin sa kanya:Napatnubayan ka, Nalugod ka,Napangalagaan ka,at lalayo sa kanya si Satanas)) Dinagdagan ito ni Imam Abu Dawud: ((Sinabi niyang-ibig sabihin ay si Satanas- sa ibang Satanas: Papaano mo makakayanan ang isang lalaking ,napatnubayan,nasiyahan at napangalagaan?))

[Tumpak] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

Ipinapahayag ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na kaapag lumabas ang isang lalaki sa bahay niya at sinabi niyang:Sa Ngalan ni Allah,Ipinaubaya ko ang pananalig sa Allah, walang Kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah;Mananawagan sa kanya ang isang Anghel: O lingkod ni Allah! Napatnubayan ka sa matuwid na landas,at naging masiyahin ka sa iyong pagkalungkot,at napangalagaan ka laban sa iyong mga kaaway;Lalayo sa kanya ang Satanas na naitlaga sa kanya,At sasabihin ng ibang Satanas sa Satanas na ito,Papaano mo maililigaw ang isang lalaking napatnubayan at nasiyahan at napaangalagaan mula sa mga [kasamaan ng] lahat ng Satanas.Sapagkat sinabi niya ang salitang ito,hindi hindi mo siya makakayanan.